# Mga Napalaking Sunog sa Los Angeles

**Mga bateryang Lithium-ion na nasunog ng napakalaking sunog**

Ang U.S. Environmental Protection Agency (EPA) ay itinakda ng Federal Emergency Management Agency (FEMA) para mag-alis ng mga bateryang lithium-ion na naapektuhan ng mga napakalaking sunog sa Kondado ng Los Angeles.

**Kasama dito ang mga gagawin sa baterya ang:**

- pagkuha
- ligtas na paglipat
- pagproseso (pag-alis ng enerhiya)
- ligtas na pagtapon

## Gumamit ng matinding pag-iingat kung babalik sa inyong ari-arian

Ang inyong bahay ay maaaring mayroong nasira o nawasak na mga bateryang lithium-ion, bateryang lithium-ion, mga sistemang nagtatago ng enerhiya, at mga de-kuryente at hybrid na mga sasakyan.

- ✓ **Ang mga baterya ay isinasaalang-alang na lubhang mapanganib**, kahit na mukha silang buo.
- ✓ **Ang mga bateryang lithium-ion ay maaaring kusang muling sumindi, sumabog, at maglabas ng nakakalason na mga usok at maliliit na bagay kahit na wala na ang sunog.**

---

## Mga Bagay sa Samabahayan na may mga Bateryang Lithium-Ion:



### Ibang mga halimbawa:

- De-Kuryente/hybrid na mga sasakyan
- De-kuryenteng bisikleta
- Mga Hoverboard
- Mga silyang-de-gulong
- Mga digital na camera
- Mga alarma sa bahay
- Imbakan ng Enerhiya o istasyon
- Mga Pangjontrol sa Laro
- Pambahay na Sistema na naig-iimbak ng enerhiya
- Mga pansariling aparatu sa paggalaw
- Mga Scooter
- Mga Drone
- Mga Tablet
- De-kuryenteng Kagamitan
- Mga aparatu sa pagvape

**Kapag nakarinig kayo ng mahinang pagputok, sumisitsit na ingay, o makakita ng usok o apoy:**

1. Huwag tangkain na patayin o puksain ang baterya.
2. Agad na umalis sa lugar.
3. Gumalaw na salungat sa hangin na hindi bababa sa 330 piye (sa haba ng isang palaruan ng football) at **tumawag sa 911**.

---

- **Huwag** hawakan ang mga produktong may mga bateryang lithium-ion na napinsala ng apoy – maaari itong sumiklab.
- **Huwag** paandarin, galawin, hilahin, o i-charge ang isang napinsala ng apoy na de-kuryente/ hybrid na mga sasakyan (EV, PHEV, HEV). Ang mga ito ay sisiyasatin ng mga propesyunal sa mapanganib na mga materyal ng EPA.
- **Huwag** gumamit o paandarin ang isang pambahay na imbakan ng enerhiya o pambahay na baterya na napinsala ng apoy. Ang mga ito ay sisiyasatin ng mga propesyunal sa mapanganib na mga materyal ng EPA.
- **Huwag** pumasok sa nakapaloob na mga espasyo na may baterya na lithium-ion na mga produkto.
    - Mga gas at singaw mula sa napinsalang mga baterya na lithium-ion ay maaaring mabuo sa mga nakapaloob na mga espasyo (gaya ng garahe, imbakan, basement, o kabinet) at maaaring makagawa ng nakakasiklab na kapaligiran.

---

- **GAWIN** na tawagan ang aming hotline kung kayo ay nakatagpo ng bateryang lithium-ion habang muling pumapasok sa inyong ari-arian at/o hindi sigurado na ang bateryang lithium-ion ay napinsala.

**epa.gov/california-wildfires**

Para sa mga katanungan tungkol sa trabahong ito o QR Code **kung mayroon kayong de-kuryente o hybrid na sasakyan at/o sistema ng baterya na nag-iimbak ng enerhiya sa pook na may sunog,** tumawag sa EPA hotline sa:

**1-833-R9-USEPA**
**(1-833-798-7372)**